




| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | MAKABANSA |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | JULY 21 - 25, 2025 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Nauunawaan ang katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad. | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ng likhang-sining (mapa) na nagpapakita ng katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad. | | | |
| C. Mga Kasanayang Pampagkatuto | Nakikilala ang mga bumubuo sa kinabibilangang komunidad | | | |
| D. Mga Layunin | Natutukoy ang mga institusyong bumubuo sa kinabibilangang komunidad (paaralan, mga sentrong pamahalaan o nagbibigay serbisyo, sentrong pangkalusugan, pamilihan, at simbahan o mosque at iba pang pinagtitipunan ng mga kasapi ng ibang relihiyon) | Natatalakay ang mga gampanin ng mga institusyon sa kinabibilangang komunidad (paaralan, ospital, pamahalaan) | Natatalakay ang mga gampanin ng mga institusyon sa kinabibilangang komunidad (simbahan at palengke) | Naibabahagi ang pangangalaga sa mga institusyon sa kinabibilangang komunidad<br><br>Nakaguguhit ng mapa ng mga institusyon ng kinabibilangang komunidad |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Mga Institusyon ng KInabibilangang Komunidad** | **Gampanin ng mga Institusyon sa Komunidad** | | **Pangangalaga sa mga Institusyon ng Kinabibilangang Komunidad** |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. Mga Sanggunian | ▪ MATATAG Curriculum Guide pahina 28 | ▪ MATATAG Curriculum Guide pahina 28 | ▪ MATATAG Curriculum Guide pahina 28 | ▪ MATATAG Curriculum Guide pahina 28 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| B. Iba pang Kagamitan | ▪ larawan (doktor, guro, punong barangay, tindera, pari / imam)<br>▪ popsicle/stick, scotch tape | ▪ larawan doktor, guro, punong barangay, tindera, pari / imam)<br>▪ scotch tape | ▪ cardboard / illustration board / bond paper, gunting, pandikit, crayons | ▪ bond paper, lapis |
| | ▪ pantulong biswal / powerpoint presentation sa mga institusyon | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Panimulang Gawain | Balik-aral:<br>Paglalaro ng **Person Hunt**<br><br>● Ang mga mag-aaral ay maglilibot sa loob ng silid-aralan at hahanapin nila ang mga nakatagong larawan.<br><br>Tandaan:<br>*(larawan ng doktor, guro, punong barangay, tindera, at pari / imam ang mga itatago para hanapin)*<br><br>● Pagkatapos nilang mahanap ang mga larawan, tutukuyin nila kung sino sino sila.<br><br><br>Doktor<br><br><br>Guro | Paglalaro ng **Institution Picture Matching Game**<br><br>▪ Idikit sa pisara ang mga larawan ng mga institusyon sa kinabibilangang komunidad at hikayatin ang mga mag-aaral na kilalanin ang mga ito.<br><br>▪ Tumawag ng limang mag-aaral at ipatapat sa kanila ang mga taong naglilingkod sa tamang institusyong pinaglilingkuran nito.<br><br>1.  <br><br>2.   | Paglalaro ng **Institution Movement Matching Game**<br><br>Pangkatang Gawain:<br>▪ Hatiin ang klase sa dalawang grupo.<br>▪ Ihanda ang mga larawan ng simbahan at palengke at ilagay ang mga ito sa isang panig ng silid-aralan.<br>▪ Ihanda rin ang mga larawan ng mga taong nagtatrabaho sa simbahan at palengke sa kabilang panig ng silid- aralan.<br><br>Pagsasagawa ng Laro:<br>▪ Bawat grupo ay may tagahanap na tatakbo patungo sa hanay ng mga larawan ng mga institusyon.<br>▪ Kapag nakarating sa dulo, pipili siya ng isang institusyon at babalik sa kanilang grupo.<br>▪ Isa pang kasapi ang tatakbo upang kunin ang tamang larawan ng taong nagtatrabaho sa nasabing institusyon. | Balik-Aral:<br><br>▪ Maghanda ng bola na gagamitin sa pagsisimula ng klase.<br><br>▪ Sa saliw ng isang awitin, ipasa-pasa ng mga mag-aaral ang bola at kung sinoman ang may hawak ng bola nang huminto ang awit, siya ang sasagot sa tanong.<br><br>▪ Ang mga tanong ay tungkol sa mga gampanin ng mga taong naglilingkod sa mga institusyon sa kinabibilangang komunidad.<br><br>Tandan:<br>Maaari ring *cabbage activity* sa pagsisimula ng klase. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |  <br>Pari / Imam<br><br> <br>Tindera Punong Barangay | 3.  <br><br>4.  <br><br>5.   | ▪ Kapag nahanap na ang tamang pares, isisigaw ng grupo ang pangalan ng institusyon bilang hudyat na natugma na nila ito.<br>▪ Para sa karagdagang hamon: bawat kasapi ng grupo ay kailangang gayahin ang kilos ng taong nagtatrabaho sa institusyon bago sumunod ang susunod na tagahanap. (halimbawa: ang nakapili ng doktor ay aaktong nagsusuri ng pasyente)<br>▪ Ang grupong may pinakamaraming tugma sa pinakamaikling oras ang siyang panalo.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>▪ Ano ang napansin ninyo sa mga larawang ito?<br>▪ Ano ang tungkulin ng mga taong nagtatrabaho sa institusyong ito?<br>▪ Bakit mahalaga ang bawat institusyon sa ating komunidad? | |
| Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Upang maihanda ang mga mag-aaral sa talakayan para sa panibagong aralin, ipababasa ng guro ang layunin: | Para sa ikalawang araw, ito ang layunin ng aralin.<br>Tumawag ng isang bata at ipabasa ito: | Upang matamo ang kasanayang pampagkatuto, ipabasa sa ang layunin sa ikatlong araw: | Sa pagtatapos ng linggo, inaasahang matamo ang layuning ito. Ipabasa ang layunin sa ikaapat na araw: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Natutukoy ang mga institusyong bumubuo sa kinabibilangang komunidad (paaralan, mga sentrong pamahalaan o nagbibigay serbisyo, sentrong pangkalusugan, pamilihan, at simbahan o mosque at iba pang pinagtitipunan ng mga kasapi ng ibang relihiyon) | • Natatalakay ang mga gampanin ng mga institusyon sa kinabibilangang komunidad (paaralan, ospital, pamahalaan) | • Natatalakay ang mga gampanin ng mga institusyon sa kinabibilangang komunidad (simbahan at palengke) | • Naibabahagi ang pangangalaga sa mga institusyon sa kinabibilangang komunidad<br><br>• Nakaguguhit ng mapa ng mga institusyon ng kinabibilangang komunidad |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita / Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin | **Makialam!**<br><br>● Idikit sa pisara ang mga salita:<br>1. paaralan<br>2. ospital<br>3. barangay hall<br>4. pamilihan / palengke<br>5. simbahan<br><br>● Ipabasa ito sa mga mag-aaral at tumawag ng iilan upang ibigay ang kanilang mga ideya o opinyon tungkol sa mga salita. | **Makialam!**<br><br>Patingnang muli sa mga mag-aaral ang mga larawang ginamit sa pagganyak.<br><br>Mga Tanong:<br>▪ Ano ang napansin ninyo sa mga larawan sa kaliwang bahagi?<br>▪ Ano naman ang ipinahihiwatig ng mga nasa kanang bahagi?<br><br>Ituon ang pansin ng mga mag-aaral sa mga larawang nasa kanang hanay.<br><br>Ipaskil sa pisara ang mga salita at ipabigay sa mga mag-aaral ang kanilang mga ideya o opinyon:<br>1. Institusyon<br>2. Gampanin | | **Makialam!**<br><br>Mga Tanong:<br>1. Kung makakakita kayo ng mga basura sa daan o paaralan, ano ang iyong mararamdaman?<br><br>2. Sa palagay mo, bakit kaya ito nangyayari?<br><br>3. Bilang isang mag-aaral, may magagawa ka ba para masolusyonan ito? Ano-ano ang mga ito? |

| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa / Susing Ideya* | **Basahin Mo!**<br><br>Basahin ang kuwento tungkol sa **Magkaibigang Ana at Sahdia**. | **“Larawan ng Aking Komunidad”**<br><br>**Tala sa Guro**: Maghanda ng isang halimbawa ng collage na siyang puwedeng tingnan bilang reference.<br><br>● Ipahati ang klase sa tatlong grupo: paaralan, | **"Larawan ng Aking Komunidad"**<br><br>Pagpapakilala sa Gawain:<br>● Hatiin ang klase sa apat na grupo.<br>● Ipakita sa kanila ang larawan ng isang masiglang komunidad na may simbahan at | **Basahin Mo!**<br>Pangkatang Gawain<br><br>Paggamit ng mga Impormasyon mula **Environmental Scanning**<br><br>● Igrupo sa limang (5) pangkat ang mga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tandaan:<br>Nasa *Learning Activity Sheet* (LAS) ang kuwento ng dalawang magkaibigan.<br>Puwedeng basahin ng dalawang beses ang kuwento depende sa mga mag-aaral.<br><br>(Maghanda rin ng mga larawan nina Ana at Sahdia, paaralan, gurong babae, ospital, lalaking doktor, barangay hall, lalaking punong barangay, pamilihan / palengke, babaeng nagtitinda, simbahan ng Katoliko / mosque, at pari / imam.)<br><br>● Bago babasahin ang kuwento, idikit sa pisara ang larawan ni Ana at Sahdia.<br><br>● Pagkatapos, ibigay sa mga mag-aaral ang mga larawan ng tindera / tindero, doktor, pari, imam, gurong babae nakadikit sa stick / popsicle. | ospital, at pamahalaan.<br>● Bawat grupo ay gagawa ng isang **collage** gamit ang lumang magasin, colored paper, at iba pang art materials.<br>● Ipaalala sa mga mag- aaral na ang *collage* ay isang sining kung saan pinagsasama-sama ang iba't ibang materyales tulad ng papel, larawan, dyaryo, magazine, at iba pang bagay upang makabuo ng isang bagong imahe o disenyo.<br>● Ang bawat collage ay dapat magpakita ng:<br>o Ano ang hitsura ng institusyong itinalaga sa inyo?<br>o Sino-sino ang nagtatrabaho rito?<br>o Ano ang ginagawa ng institusyon para sa mga tao? | palengke.<br>● Itanong:<br>o Ano ang nakikita ninyo sa larawan?<br>o Bakit mahalaga ang mga ito sa ating komunidad?<br>o Ano kaya ang maaaring mangyari kung wala ang mga ito sa kinabibilangang komunidad?<br><br>(**Tala sa Guro:** Maghanda ng apat na malalaking larawan ng masiglang komunidad na may simbahan at palengke. Dalawang larawan ang may simbahan at dalawa rin ang may palengke upang magamit ng apat na grupo sa pagkompleto ng mural.)<br><br>Pagkompleto sa Mural<br>● Atasan ang mga mag-aaral sa bawat grupo na | mag-aaral.<br><br>● Atasan ang bawat grupo na pumili ng lider at kalihim.<br><br>● Ang lider ang siyang mangunguna sa pagpapalitan ng mga ideya ng bawat kasapi sa grupo.<br><br>● Ang kalihim naman ang siyang magsusulat ng lahat ng mga napag-usapan sa grupo.<br><br>● Gamit ang mga nakuhang impormasyon mula sa ginawang *environmental scanning*, pag-usapan ng grupo ang mga obserbasyon at |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ● Patingnang mabuti sa kanila ang mga larawan upang makapaghanda sila sa kanilang gagawin.<br><br>● Habang binabasa ang kuwento, sabihan silang itaas nila ang larawan na ibinigay sa kanila kung mababanggit ang mga ito ng guro. | ● Ipaliwanag ng bawat grupo ang kanilang gawa sa harap ng klase. | ilabas ang mga larawang nagupit o naiguhit.<br>● Ipadikit ito sa institusyon kung saan ito nararapat na ilagay.<br>● Ipamahagi sa bawat grupo ang metacards na siyang pagsusulatan ng mga mag-aaral ng mga gampanin ng bawat institusyon.<br><br>Pagsusulat at pagdidikit ng mga Gampanin ng Simbahan at Palengke maging ang mga tao<br>● Sa bawat bahagi ng *mural*, ididikit nila ng mga mag-aaral ang gampanin ng simbahan at palengke sa komunidad maging ang mga tao na nagbibigay serbisyo rito.<br>● *Halimbawa:*<br>o Sa simbahan: nagbibigay ng espirituwal na gabay<br>o Sa palengke: nagtitinda ng mga pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan<br>● Ang guro ay magbibigay ng ilang situwasyon at tatanungin ang mga bata:<br>o Ano ang ginagawa ng mga pari, imam, | nakita sa kanilang komunidad.<br><br>Tandaan:<br>Kung mahirap para sa mga mag-aaral ang pagsagawa ng environmental scanning, maaaring magbigay ng mga katanungan na siyang ihahalili sa gawain at matamo ang tunguhin nito. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pastor, ministro at iba pa sa simbahan?<br>o Ano naman ang ginagawa ng mga nagtitinda sa palengke o pamilihan?<br><br>(**Tala sa Guro:** Dagdagan pa ang mga tanong na magpapalalim sa pag- unawa ng mga mag-aaral)<br><br>● Ipadikit sa pisara ang kanilang awtput at atasan ang lider na ipaliwanag ang kanilang mga nagawa sa klase. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Ipahayag Mo!**<br><br>Tandaan:<br>Ang mga tanong ay gabay lamang kung saan ang tuon ay nasa mga gusali o institusyon sa lipunan.<br><br>Sa pagsagot sa mga katanungan sa ibaba, ipagamit sa mga mag-aaral ang mga larawang ibinigay sa kanila. Hikayatin silang itaas o iwagayway ang mga ito kung sa palagay nila ito ang sagot sa tanong.<br><br>Tanong:<br>1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento? | **“Institusyon Song”**<br>● Ipakanta sa mga mag- aaral ang awiting pinamagatang “Mga Institusyon sa Komunidad”.<br><br>● Maaring gamitin ang tono ng isang sikat na awitin tulad ng "*Twinkle, Twinkle, Little Star*" o "*Leron, Leron Sinta*".<br><br>**Halimbawa ng Awitin:**<br>*(Tono ng Leron, Leron Sinta)*<br><br>“Mga Institusyon sa Komunidad”<br><br>*Sa paaralan, natututo,*<br>*Mga guro'y nagtuturo.*<br>*Sa ospital, may* | **Paggawa ng Simpleng Mapa**<br><br>**Tala sa Guro:** Maghanda ng mapa ng isang komunidad bilang halimbawa na siyang titingnan ng mga mag-aaral.<br><br>● Mananatili ang mga mag-aaral sa kani-kanilang mga grupo.<br>● Ang bawat grupo ay gagawa ng payak na mapa ng kanilang komunidad gamit ang Manila paper o kartolina.<br>● Maglagay ng malalaking parisukat o hugis upang kumatawan sa bawat lugar sa mapa: | Pangkatang Gawain:<br><br>● Mula sa mga napag-usapan ng bawat grupo, papunan ang graphic organizer.<br><br> |


<table>
<tr>
<td></td>
<td>2. Saan unang nagkakilala si Ana at Sahdia?<br>3. Nang maaksidente si Sahdia, saan ito dinala ng kanilang guro?<br>4. Saan nila palagi nakikita ang punong barangay ng kanilang lugar?<br>5. Saan nagtitinda ang ina ni Ana?<br>6. Saan ginagawa ng magkakaibigan ang kanilang pasasalamat sa Poong Maykapal?</td>
<td>manggagamot,<br>Nag-aalaga, naggagamot.<br>Pamahalaan,<br>tagapagbantay,<br>Sa kaayusan at sa buhay.<br>Tulong-tulong tayong lahat,<br>Upang buhay ay sumikat!<br><br>Pagpapalalim:<br>1. Bakit mahalaga ang mga taong nagtatrabaho sa mga institusyon?<br>2. Paano natin maipakikita ang pasasalamat sa kanila?</td>
<td rowspan="2">o Simbahan: gamitin ang tamang simbolo<br>o Palengke: gumamit ang angkop na simbolo<br>o Iba pang mahahalagang lugar (opsiyonal):<br>▪ paaralan<br>▪ ospital<br>▪ parke<br>▪ tahanan<br>● Paalalahanan silang gumamit ng linya upang ipakita ang daan patungo sa bawat lugar.<br>● Maaaring gumamit ng arrow upang ipakita ang tamang direksyon.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pagpapalalim ng Kaalaman<br>at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</td>
<td>Ipahayag Mo!<br><br>Talakayan tungkol sa mga Institusyon<br><br>1. PAARALAN<br>▪ ito ay isang lugar kung saan nagaganap ang pagtuturo at pag-aaral<br>▪ dito nag-aaral ng mga aralin at natututo ng mga konsepto at kasanayan ang mga mag-aaral<br>▪ elementarya, sekondarya at kolehiyo<br>▪ Halimbawa:<br>o <u>San Lorenzo Elementary School</u><br>▪ Guro ang tawag sa taong nagbibigay serbisyo / naglilingkod sa paaralan<br><br>2. OSPITAL</td>
<td>Guhit at Kulay: Paglikha ng Mapa ng Aking Komunidad<br><br>Tala sa Guro: Maghanda ng mapa ng isang komunidad bilang halimbawa na siyang titingnan ng mga mag-aaral.<br><br>● Balikan ang “Larawan ng Aking Komunidad” at ang mga collage na ginawa ng bawat grupo (paaralan, ospital, pamahalaan).<br>● Tanungin ang mga mag-aaral:<br>o Saan matatagpuan ang inyong paaralan?<br>o May ospital ba malapit sa inyo?<br>o Saan matatagpuan ang munisipyo o barangay hall?</td>
<td>Individual Art Activity<br><br>Sa paggawa ng simpleng mapa, gawing gabay ang mga tanong:<br><br>1. Saan kayo pumunta nang isinagawa ninyo ang environmental scanning?<br><br>2. Nadaanan niyo ba lahat ng mga istruktura ng mga institusyon sa Lipunan ng kinabibilangang komunidad?<br><br>3. Naaalala niyo pa ba ang mga dinaanan ninyo?</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ▪ ito ay isang pasilidad o institusyon na nagbibigay ng serbisyo pangkalusugan sa mga may sakit at nangangailangan ng medikal na atensyon<br>▪ dito ginagamot, inaasikaso, at pinapabuti ang kalagayan ng mga pasyente sa pamamagitan ng mga doktor, nars, at iba pang health professionals<br>▪ Halimbawa:<br>o <u>St. Mary's Medical Center</u><br>▪ Ang doktor ang siyang nangangalaga sa kalusugan ng mga tao sa komunidad.<br><br>3. BARANGAY HALL / PAMAHALAAN<br>▪ ito ay isang opisyal na gusali o pasilidad na matatagpuan sa bawat barangay sa Pilipinas<br>▪ dito matatagpuan ang tanggapan ng Punong Barangay at ang sentro ng lokal na pamahalaan<br>▪ Halimbawa:<br>o <u>San Lorenzo Barangay Hall</u><br>▪ Punong Barangay ang tawag sa namamahala sa mga barangay sa pamamagitan ng pagbibigay serbisyo at | ● Pagkatapos, bigyan ng *Manila paper* ang bawat grupo.<br>● Gamit ang lapis, ipagawa ang isang payak na *sketch* o idisenyo ng komunidad na kanilang kinabibilangan.<br>● Patingnan sa mga mag-aaral ang inihandang halimbawa na nakadikit sa pisara.<br>● Paalalahanan silang gumamit ng simbolo para sa bawat institusyon:<br>o Paaralan – magpaguhit ng isang gusali na may watawat.<br>o Ospital – magpaguhit ng gusali na may pulang krus.<br>o Pamahalaan – magpaguhit ng gusali na may bandila ng Pilipinas.<br>▪ Ipakita ng bawat grupo ang kanilang ginawang mapa.<br>▪ Hayaan silang ipaliwanag kung paano nila nilagay ang mga institusyon sa kanilang komunidad.<br>▪ Itanong:<br>o Ano ang napansin ninyo sa mapa? | | Matapos maproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral, hayaan silang gumawa ng simpleng mapa sa mga nadaanang nila nang isinagawa ng *scanning* sa kanilang paligid.<br><br>Tandaan:<br>Hindi sila dapat magkakapareha ng mapa sapagkat iba-iba ang kanilang mga kinabibilangang komunidad.<br><br>Dito rin makikita kung anong klaseng komunidad mayroon ang mga mag-aaral na siyang totoo sa kinabibilangan nila.<br>Maipalalabas ang *real life scenario* at hindi sila nakakahon batay sa mga ibinigay natin.<br><br>Maaaring gawing halimbawa ang mapa upang mas madali silang makagawa ng sariling mapa. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | suporta sa kapakanan ng mga mamamayan.<br><br>4. PAMILIHAN / PALENGKE<br>● isa itong lugar kung saan nagaganap ang pamilihan<br>● dito kadalasan nakikita ang transaksyon ng mga mamimili at nagtitinda<br>● Halimbawa: <u>Pamilihang Barangay ng San Lorenzo</u><br>● Ang mga tindera / tindero naman ang siyang nagbibigay serbisyo sa mga pamilihan o palengke upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao.<br><br>5. SIMBAHAN<br>▪ ito ay isang lugar ng pag-aalay at pagsamba sa Diyos<br>▪ isa itong gusali o estruktura na ginagamit para sa mga relihiyosong ritwal, pag-aalay ng misa o iba pang seremonya, at panalangin ng mga mananampalataya<br>▪ Halimbawa:<br>o <u>Our Lady of Peace Parish Church / Mosque</u> | o Saan matatagpuan ang mga institusyon sa inyong komunidad?<br>o Bakit mahalagang alam natin kung saan matatagpuan ang mga ito?<br>▪ Ipatugtog muli anga awitin at ipakita ang mapa habang inaawit ito.<br>▪ Tanungin ang mga mag-aaral kung paano makatutulong sa mga institusyong ito sa kanilang sariling pamamaraan. | |  |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ▪ Mga pari ang siyang nangangaral upang magabayan ang mga nananampalataya sa mga aral ni Hesus.<br>▪ Ang Imam naman ang siyang nagsisilbi sa mga mosque at nagtuturo sa aral ni Allah.<br>▪ Ang pastor / ministro naman ay isang espirituwal na lider na nangangaral ng Salita ng Diyos, nangangasiwa ng simbahan, at gumagabay sa mga mananampalataya sa kanilang pananampalataya at buhay.<br><br>Tandaan:<br>Ang mga paliwanag na naibigay ay simpleng kahulugan. Maaaring kumuha ng kahulugan sa ibang mga sanggunian. | | | |

| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | **Makibahagi Ka!**<br><br>**Individual Art Activity:**<br>● Magbigay sa bawat mag-aaral ng isang *bond paper* o *card board* na siyang gagamitin nila sa gawain. | **Reflection Activity:**<br><br>Papunan sa mga mag-aaral ang mga pahayag upang mabuo ang katuturan nito:<br><br>1. Matapos ang talakayan, aking natutuhan ang | **Exit Slip**<br><br>Papunan sa mga mag-aaral ang exit slip at ipasa bago lumabas sa silid-aralan. | **"Aking Gawa, Aking Tungkulin"**<br>(Task-Based Commitment)<br><br>Hakbang sa Pagsasagawa: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ● Papipiliin lamang ang mga mag-aaral ng *art form* na *unique* na makikita sa bawat estruktura (halimbawa: crescent atip ng paaralan, moon)<br>● Atasan silang isulat ang lahat ng mga taong nagbibigay serbisyo sa mga institusyon ng kinabibilangang komunidad na mapipili nila.<br>● Halimbawa:<br>1. Atip ng paaralan<br>2. Crescent moon ng Mosque<br><br>● Pakulayan ang kanilang nagawa at ipaskil ito sa pisara. | mga sumusunod<br>__________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>____________________.<br><br>2. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga<br>_______________<br>______________________<br>______________________<br>dahil ________________<br>______________________<br>____________________. |  | **1. Pagtalakay sa Paksa**<br>▪ Talakayin kung paano nakatutulong ang bawat isa sa pagpapanatili ng kaayusan sa mga institusyon ng kinabibilangang komunidad.<br>▪ Magbigay ng mga halimbawa ng simpleng gawain tulad ng:<br>▪ Pagpapanatili ng kalinisan sa silid-aralan.<br>▪ Paggalang sa guro at kaklase.<br>▪ Pagtulong sa kaklase na may hirap sa gawain.<br><br>**2. Paggawa ng "Commitment Task List"**<br>▪ Magbibigay ang guro ng isang talaan na naglalaman ng posibleng gawain upang makatulong sa kanilang paaralan o komunidad.<br>▪ Pumili ang bawat mag-aaral ng tatlong gawain na kaya nilang gawin sa loob ng isang linggo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ▪ Halimbawa ng Task List:<br>▪ Magwawalis ng silid-aralan araw-araw.<br>▪ Magpapahiram ng gamit sa kaklase.<br>▪ Magpapakita ng paggalang sa guro at mga nakatatanda.<br>▪ Magtatapon ng basura sa tamang lalagyan.<br><br>**3. Pagmomonitor ng Kanilang Gawain**<br>▪ Sa pagtatapos ng linggo, iuulat ng bawat mag-aaral kung alin sa mga napili nilang gawain ang kanilang natupad.<br>▪ Maaaring gumamit ng *sticker chart* o *checklist* upang masukat ang kanilang aktuwal na pagtupad sa kanilang mga tungkulin.<br><br>**4. Pagpapakita ng Resulta**<br>▪ Magkaroon ng maikling pagbabahagi kung paano nila naisakatuparan ang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | kanilang gawain at kung ano ang kanilang natutunan.<br>▪ Bigyan ng simpleng parangal o papuri ang mga aktibong tumupad sa kanilang mga pangako. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Sumangguni sa Learning Activity Sheets (LAS) | | Sumangguni sa Learning Activity Sheets (LAS) | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Tandaan:<br>Sabihan ang mga mag-aaral na magdala ng mga old magazine, dyaryo, lapis, gunting, pandikit at iba pa. | Tandaan:<br>Atasan ang mga bata na gumupit sa mga lumang diyaryo ng mga larawan o gumuhit ng mga taong nagtatrabaho sa simbahan at palengke.<br><br>Paalalahanan din sila na dalhin ito kinabukasan. | Tandaan:<br>Sa tulong ng mga magulang, atasan ang mga mag-aaral na magsagawa ng simpleng *field walking* o paglibot sa paligid ng kani-kanilang mga lugar.<br><br>Patingnan rin sa kanila kung alin sa mga estruktura ng mga institusyon ng kinabibilangang komunidad ang kaaya-ayang tingnan at alin naman ang hindi.<br><br>Ipasuri ang mga gawain ng mga taong makikita nila sa pagsagawa nito.<br><br>Kung hindi ito makakaya, ang guro ang siyang maghahanda ng mga impormasyon at ibibigay na lamang sa mga mag-aaral. | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

CREDIT TO THE AUTHOR OF THIS FILE